



Pagsusuri at paggamot sa COVID-19

Kahit na wala kang visa, o hindi sigurado tungkol sa katayuan ng iyong visa, dapat mong sundin ang mga tagubilin sa pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang mga gobyerno ng estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at paggamot sa COVID-19.

- [Australian Capital Territory](#)
- [New South Wales](#)
- [Northern Territory](#)
- [Queensland](#)
- [South Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Western Australia](#)

Mga pagsusuring medikal ng imigrasyon sa Victoria

Dahil sa mga karagdagang paghihigpit dulot ng COVID-19, pansamantalang itinigil ang lahat ng Pagsusuring Medikal ng Imigrasyon sa Victoria. Susuriin ito alinsunod sa mga karagdagang anunsyo ng [pampublikong kalusugan](#).

Mayroon akong Special Category visa

Mayroong kasunduan ang mga taga-New Zealand at taga-Australia kung saan maaaring manatili at magtrabaho ang bawat isa sa parehong bansa.

Maaari ba akong makakuha ng anumang suporta sa Australia?

Kung isa kang protektadong mamamayang SCV ng New Zealand at natugunan ang iba pang pangangailangan sa pagiging karapat-dapat, magiging karapat-dapat ka sa lahat ng pagbabayad sa kapakanan, kabilang ang kabayaran sa Naghahanap ng Trabaho at Nagpapanatili ng Trabaho.

Kung hindi ka isang protektadong mamamayang SCV ng New Zealand at mayroon kang hawak na TY444 visa, maaari ka pa ring maging karapat-dapat sa kabayaran sa Nagpapanatili ng Trabaho sa pamamagitan ng employer mo.

Ano ang isang protektadong mamamayan ng New Zealand?

Ang isang tao ay isang protektadong mamamayang SCV ng New Zealand kung kabilang sila sa mga sumusunod na grupo:

- nasa Australia noong Pebrero 26, 2001
- nasa Australia sa loob ng 12 buwan, 2 taon bago ang petsang ito
- nasuri bilang protektadong SCV ng may-ari ng Services Australia bago ang Pebrero 26, 2004.

Makikita ang higit pang impormasyon at payo tungkol sa mga protektadong may-ari ng SCV sa [Services Australia website](#).